

PSPS: Pagpapanumbalik

TAGAPAGSALAYSAY: Ang pinakamahalagang responsibilidad ng PG&E ay ang kaligtasan ng aming mga kostumer at pamayanan. Ang malalakas na hangin ay maaaring maging sanhi ng pag-kontak ng mga sanga ng puno at basura sa mga kawad ng kuryente na may enerhiya, pagpinsala sa aming kagamitan at maging sanhi ng wildfire. Bilang resulta, maaaring kailanganin naming patayin ang kuryente sa kaganapan ng matinding lagay ng panahon upang mapigilan ang mga wildfire. Tinatawag ito na Pagpatay ng Kuryente Para sa Pamublikong Kaligtasan (Public Safety Power Shutoff, PSPS). Hindi magbabakasakali ang PG&E sa kaligtasan ng kostumer. Ang tanging tuon ng Pagpatay ng Kuryente para sa Pamublikong Kaligtasan ay ang panatiliing ligtas ang aming mga kostumer. Nagtatrabaho kami nang buong taon at nang walang tigil upang gawing mas ligtas at mas matatag ang aming sistema, at pahasayin ang mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pamublikong Kaligtasan na kaganapan para sa aming mga kostumer at pamayanan. Patuloy na nakakaranas ang California, Oregon, at Washington, at ang iba pang mga estado sa Kanluran ng pagtaas ng panganib ng sunog at mas mahabang panahon ng wildfire. Para sa kaligtasan ng aming mga kostumer at mga pamayanan, ang Pagpatay ng Kuryente para sa Pamublikong Kaligtasan ay patuloy na isang kinakailangan tool bilang panghuling paraan. Sinisimulan namin ang mga Pagpatay ng Kuryente para sa Pamublikong Kaligtasan kapag ang taya ng lagay ng panahon ay napakasamang panahon, na maaaring nasa panganib ng mga wildfire ang kaligtasan, mga buhay, mga tahanan at mga negosyo ng mga tao. Matapos simulan ng PG&E ang pagpatay ng kuryente, dapat naming tiyakin na ligtas na maibabalik ang kuryente pagkatapos lumipas ang masamang panahon. Sinisiyasat ng PG&E ang bawat milya ng sistema ng kuryente na pinatay para sa kaligtasan. Ang pagsasagawa ng mga masinsinan, ligtas, at mabisang pagsisiyasat ay mahalaga para sa ligtas na pagpapanumbalik ng kuryente sa aming mga kostumer. Nagsisimula ang proseso kahit na nagpapatuloy ang masamang panahon. Habang pino-posisyon namin ang aming mga tauhan upang mabilis na siyasatin ang mga linya para sa pinsala kapag lumipas na ang panahon. Kukumpirmahin ng Emergency Operation Center ng PG&E kung kailan ligtas nang simulan ang mga pagsisiyasat at pagbalik ng kuryente. Gumagamit ang mga tauhan ng iba't ibang paraan upang isagawa ang mga pagsisiyasat na ito. Marami sa aming mga linya ay maaaring siyasatin ng mga kwalipikadong eksperto gamit ang mga helicopter. Mabilis ang pamamaraang ito, ngunit mayroon itong ilang mga limitasyon, kabilang na ang ilang kagamitan na hindi nakikita mula sa itaas dahil sa mga puno at iba pang mga sagabal. Bilang karagdagan, ang mga helicopter ay maaari lamang gamitin upang siyasatin ang mga linya sa oras na may liwanag ng araw. Mayroon din kaming mga eroplano na maaaring gamitin upang siyasatin ang mga mas malalaking istruktura. Ang mga eroplano na may infrared na kagamitan ay maaaring gamitin upang magsagawa ng mga pagsisiyasat sa gabi. Para sa mga linyang iyon na hindi masiyasat mula sa itaas, ang mga tauhan ng PG&E ay magpapatrolya sa mga linya mula sa isang sasakyan o sa paglalakad upang masuri ang mga kagamitan na matatagpuan malapit sa mga kalsada. At kapag hindi posible ang pagsisiyasat mula sa itaas o sa sasakyan, dahil sa lokasyon at kalupaan, dapat suriin ng aming mga tauhan ang mga linya sa pamamagitan ng paglalakad. Kung saan may nakitang pinsala, ibubukod ng mga tauhan ang lugar at magsagawa ng anumang pagkukumpuni nang mabilis at ligtas hangga't maaari. Ang mga linya ay io-on lamang pagkatapos na masiyasat ang mga ito at makumpuni ang anumang pinsala. Ang bawat seksyon ay io-on pagkatapos ito ay nasiyasat. Ang ibig sabihin ay mao-on ang kuryente sa iba't ibang oras para sa iba't ibang mga kostumer. Ang pagpapanumbalik ay magsisimula sa substation at magpapatuloy hanggang sa dulo ng isang circuit. Hindi na kailangang hintayin ng mga kostumer na masiyasat ang buong sistema bago maibalik ang kuryente. Kapag nasiyasat na at nakumpirmang ligtas na ang mga linyang nagsisilbi sa iyong tahanan, maaari nang ibalik ang kuryente. Lahat tayo ay umaasa sa kuryente araw-araw at patuloy kaming makikipagtulungan sa aming mga kostumer sa mga kalutasan na nagpapaliit ng panganib sa aming imprastruktura sa panahon ng mataas na banta sa sunog. Hinihikayat

din ng PG&E ang aming mga kostumer na pumunta sa Sentro ng Pagkilos na Pangkaligtasan (Safety Action Center) upang malaman ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga panganib ng wildfire at kung ano ang magagawa at dapat gawin ng mga kostumer upang maghanda nang maaga para sa isang Pagpatay ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan. Para sa mga pinakabago sa mga pagsisikap ng PG&E ng kaligtasan sa wildfire, at ang mga paraan kung paano namin pinapahusay ang mga pagpatay ng kuryente para sa pampublikong kaligtasan, bisitahin ang pge.com/psps.